

## Mga Payo para sa Mga Pamilya:

# Mga Payo para sa Pakikipag-ugnayan sa Iyong Anak Sa Pamamagitan ng Pagbabahagi ng mga Libro

Magandang magbasa at magbahagi ng mga libro sa iyong mga anak! Binubuo nito ang kanilang mga utak at bumubuo ng mga kakayahan sa literacy sa maagang edad.

### Paano ito nakakatulong?

Ang pagbuo ng mga kakayahan sa literacy ay magandang paraan para tulungan silang maabot ang kanilang buong potensyal sa paaralan at buhay. Ang pag-expose sa mga bata sa mga libro at magkasamang pagkukuwento sa mga maagang taon ay tinutulungan silang maging handang matuto

kapag nagsimula na silang pumasok sa paaralan. Ang literacy ay higit pa sa pagbabasa at pagsusulat. Tumutulong ang literacy sa pag-unawa, pakikiramay, kritikal na pag-iisip, at ang kapasidad para sa pangmatagalang pagkatuto. Bumubuo ito ng positibong pagpapahalaga sa sarili sa mga bata at bumubuo ng mga kakayahan sa mga komunikasyon. Tinutulungan sila nitong makilala ang mga mood at nararamdaman ng ibang tao. Sinusuportahan din nito ang “attachment” at bumubuo ng “early relational health” sa pagitan nila at ng kanilang mga tagapag-alaga.

## Tanong

## Sagot

Ano ang ibig mong sabihin sa “attachment”?

Ang attachment ay ang koneksyon sa pagitan ng tagapag-alaga at ng baby. Tinutulungan ng attachment ang baby na maramdamang minamahal siya at ligtas.



Ano ang “early relational health”?

Inilalarawan ng early relational health ang positibo at mapag-arugang kaugnayan sa pagitan mo at ng iyong anak. Ito ang pagbubuklod na bumubuo sa panlipunan at emosyonal na seguridad at kapakanan ng bata.



Paano naitataguyod ng pagbabasa at magkasamang pagbabahagi ng mga libro ang early relational health?

Ang magkasamang pagbabahagi ng mga libro at kuwento ay hinihikayat ang pisikal na pagkakalapit, pagtingin sa isa't isa, pagkakaunawaan at pagtugon.




## Mga Payo para sa Mga Pamilya:

# Mga Payo para sa Pakikipag-ugnayan sa Iyong Anak Sa Pamamagitan ng Pagbabahagi ng mga Libro

## Mga payo para sa magkasamang pagbabasa

### Mag-usap at magtanong

Ikonekta ang kuwento sa mga bagay sa buhay ng iyong anak. Halimbawa, “Sino ang pinakamatangkad sa iyong pamilya?” O magtanong ng tungkol sa nangyayari sa libro. Halimbawa, “Hinihimas ng batang iyon ang isang kabayo. Gusto mo bang humimas ng kabayo balang-araw?”



### Umupo para magkuwento

Magtabi, hawakan o umupo sa tabi ng iyong baby para siguruhing mararamdaman niya ang iyong hawak at makita ang mga pahina.

### Makipag-ugnayan sa baby

Habang nagbabasa kayo, tumugon sa mga expression sa mukha, interes at mga ingay ng iyong anak.

### Tingnan ang isa't isa!

Tingnan ang isa't isa at ngumiti. Hayaan mong makita ng iyong anak ang iyong masayang mukha. Tinutulungan siya nitong maramdamang ligtas at secure siya sa inyong ugnayan.



### Pumili ng libro na pareho ninyong gusto

Gawing masaya ang oras ng pagbabasa! Gumamit ng mga nakakatawang boses o gumawa ng mga tunog ng mga hayop ng mga nasa mga larawan.



### Ibahagi ang mga sarili mong kuwento

Gawin itong personal! Sabihin sa iyong baby ang mga sarili mong kuwento, tulad ng kuwento ng pagkapanganak sa kanya, kung paano mo pinili ang kanyang pangalan, o kung ano ang nangyayari sa kanya.



### Magbasa sa kahit anong wika

Ang utak ng bata ay handang matuto ng mga wika pagkapanganak sa kanya. Mas madalas na maririnig ng bata ang isang wika, mas matutulungan siya nitong matuto!